LALAWIGAN NG BULACAN
Pamahalaang Bayan ng Baliwag

TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN

MEMORANDUM CIRCULAR NO. 22 S.2017

PARA SA	:	**LAHAT NG BALIWAGENYO**
MULA SA	:	**TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN**
PAKSA	:	**PAGPUKSA NG DENGUE**
PETSA	:	**IKA- 17 NG AGOSTO, 2017**

Nananatili bilang isa sa mga pangunahing banta sa kalusugan ng mga Baliwagenyo ang **dengue**, isang sakit na sanhi ng kagat ng babaeng lamok na *Aedes aegypti*. Umabot na sa 204 kaso ang naitala ng ating Municipal Health Office (MHO) mula Enero hanggang Agosto ngayong taong 2017, kung kaya't muli ay pinapaalalahan ang lahat na paigtingin ang kampanya laban sa nasabing sakit.

Mangyaring sundin ang **4S**, o ang mga hakbang na isinusulong ng ating Pamahalaang Bayan upang maiwasan ang pagkakaroon at pagkalat ng dengue:

- **Search and destroy** – Nangingitlog ang mga lamok sa mga imbakan ng tubig kung kaya't siguruhin na palagiang napapalitan ang tubig sa mga flower vase at takpan ang mga drum o anumang lalagyanan ng tubig. Takpan din ng lupa o buhangin ang mga butas sa paligid ng bahay at maging kaugalian ang palagiang paglilinis ng kapaligiran.
- **Self-protection measures** – Iwasang magsuot ng maiiksing kasuotan at gumamit rin ng mosquito repellant.
- **Seek early consultation** – Kung may lagnat na ng dalawang araw, kumonsulta na agad sa pinakamalapit na health center o doktor.
- **Say no to indiscriminate fogging** – Magsagawa lamang ng fogging sa panahon ng outbreak.

Nagsisimula ang pag-iwas sa sakit sa ating mga tahanan. Tayo ay magkaisa upang sugpuin ang dengue.

FERDINAND V. ESTRELLA
Punongbayan

MUNICIPALITY OF BALIWAG
00014311

DUGONG BALIWAG PUSONG BALIWAG
Serbisyong May Malasakit